

Pag-akyat at Pagtrabaho sa Matataas na Bahagi

Standard



Mga Nilalaman

1	Panimula	3
2	Mga Tungkulin	3
2.1	Mga Manager.....	3
2.2	Mga Empleyado.....	4
3	Mga Kinakailangan	4
4	Mga site at pamamahala sa site	5
4.1	Mga gusali at rooftop	5
4.2	Mga istrukturang antenna support	5
4.3	Mga drop zone.....	6
4.4	Matitinding kondisyon ng panahon	7
4.5	Mga pagkidlat na kondisyon	7
4.6	Mga partikular na pagsasaayos kapag may emergency	8
4.7	Kagamitan ng planta	8
5	Personal na Pamprotektang Kagamitan	8
6	Kahusayan ng kalusugan at pagtugon	9
7	Pagtatasa sa panganib at pagpapalano	9
8	Pagmomonitor at pagsusuri	10
9	Pagbabago ng impormasyon	10

© Ericsson AB 2021



Nakalaan ang lahat ng karapatan. Ang impormasyon na nasa dokumentong ito ay pag-aari ng Ericsson at napapailalim sa pagbabago nang walang paunawa. Walang inaaakong responsibilidad ang Ericsson para sa mga katumpakan ng o pagkakamali sa mga impormasyon.

1 Panimula

Inilalarawan ng pamantayang ito ang mga minimum na kinakailangan habang umaakyat at nagtatrabaho matataas na bahagi sa negosyo ng Ericsson para matiyak na wastong napapamahalaan ang mga aspetong pangkalusugan at pangkaligtasan.

Malalapat ang lokal na kinakailangan ng batas kapag lampas sa pamantayang ito ang mga lokal na kinakailangan ng batas.

2 Mga Tungkulin

2.1 Mga Manager

Tungkulin ng mga namamahalang manager para sa pag-akyat na aktibidad ang pagiging available ng kagamitan at mga magagamit sa pag-akyat at pagtatrabaho sa mataas na bahagi. Dapat tiyakin ng manager na:

- natasa at maayos na napapangasiwaan ang lahat ng panganib kaugnay ng gagawing trabaho,
- napatupad ang lahat ng Safe Work Method Statement (SWMS) sa lahat ng trabaho sa pag-akyat sa mataas,
- ligtas akyatin ang lahat ng istraktura,
- nabigyan ng pagsasanay ang lahat ng taong magtatrabaho sa mataas at sertipikado rin na mahusay ang kalusugan para sa mga gagawing trabaho, ayon sa mga sertipikasyon na ipinakahulugan sa ibaba:
 - Awtorisadong (basic) climber: kayang umakyat sa itinalagang nakapiraming mga daanan na mayroong mga kagamitan para sa ligtas na pag-akyat.
 - Competent (skilled) climber.
- mga sistema para pamahalaan ang probisyon, pagtatago, pag-inspeksyon, at ligtas na paggamit ng PPE, at
- may magagamit na pamantayang kasuotan sa pagtatrabaho at may access sa kagamitan.



2.2 Mga Empleyado

Lahat ng empleyado ay dapat na:

- iulat ang anumang pagbabago mula sa ipinahayag na mga sistema ng pagtatrabaho o pagtatasa sa panganib sa immediate supervisor at sa Pandaigdigang EHS na Tool sa Pag-uulat ng Insidente ng Erisson, at
- iulat sa kanyang mga line manager ang anumang kondisyon na maaaring humadlang sa kanya magawa ang kanyang mga trabaho.

3 Mga Kinakailangan

Nalalapat ang mga sumusunod na kinakailangan para sa anumang trabaho na may panganib na bumagsak sa dalawang metro o higit pa sa mas mababang level:

- Dapat isagagawa ang pagpapalano at mga pagtatasa sa panganib ng pagtatrabaho sa mataas na bahagi, tingnan ang chapter 7.
- Ang mga taong magtatrabaho sa matataas na bahagi ay kinakailangan magpanatili ng antas ng kakayahan (dapat sertipikado ang mga aakyat) at malusog ang pisikal na pangangatawan na naaangkop sa trabahong gagawin niya. Dapat isagwa ang refresher na pagsasanay o muling pag-iksamin alinsunod sa lokal na batas ngunit dapat tumagal ang agwat nang higit sa dalawang taon.
- Bago ang paggamit ng Personal na Pamprotektang Kagamitan (PPE) dapat nabigyan ang user at kanyang supervisor ng sapat na pagsasanay na sumasaklaw sa paggamit at pagmimintina ng PPE. Dapat idokumento ang gayong pagsasanay.
- Dapat suriin ang lahat ng pantrabahong kagamitan upang makatupad sa mga kinakailangan ng PPE, tingnan ang chapter 5.
- Dapat tiyakin ng responsableng site na ligtas akyatin ang istruktura bago ang pagsisimula ng trabaho.
- Walang climber ang pinapayagang umakyat sa mga tower, mast, stub tower, o magsagawa ng iba pang gawain sa mataas na bahagi nang hindi isinasagawa ang lokal na pagtatasa sa panganib at nang walang nakaantabay na kahit man lang isang rescue na may pagsasanay, at climber na may kaalaman.
- Dapat nainspeksyon ang PPE bago gamitin, tingnan ang chapter 5.
- Dapat nakakabit ang mga climber sa pamamagitan ng naaangkop PPE sa pag-akyat sa aprubadong anchor point o fall arrest na device sa tuwina habang umaakyat at nagtatrabaho sa labas ng protektadong lugar



- Kapag nagtatrabaho malapit sa mga electromagnetic (RF) field, dapat tumupad ang trabaho sa mga pamantayang kinakailangan sa “Paglantad sa Radio Frequency at mga Electromagnetic Field”.
- Kapag nagtatrabaho malapit sa mga pag-install ng kuryente at mga power line, dapat magsagawa ng pagsasaayos upang matiyak na hindi madidikitan ang mga ito.

Tandaan: Hindi pinapayagan ang “Free Climbing”. Maaaring alisan ng pahintulot sa pag-akyat para sa pagtatrabaho sa negosyo ng Ericsson ang sinumang mahuhuli na nagpi-free climbing.

4 Mga site at pamamahala sa site

4.1 Mga gusali at rooftop

Dapat isagawa ang mga pagtatasa sa panganib at sundin ang kinakailangan mga hakbang sa pag-iingat sa pag-akyat sa gusali o lugar ng rooftop. Maaaring magbigay ang Ericsson ng mga detalye ng umiiral na pagtatasa sa panganib ng site kung available ito, pati na ang mga karapatan sa access kung naaangkop.

Dapat magsagawa ang mga manggagawa ng lokal na pag-aseso sa panganib bago simulan ang trabaho kasama na ang visual na pagsusuri sa anumang parapet, permanenteng guardrail, o iba pang hakbang na pamprotekta sa pagkahulog bago gamitin ang mga ito. Hindi pinahihintulutan ang access sa pagpunta sa o pagtatrabaho malapit sa mapapanganib na ibabaw maliban na lang kung ginawa ang mga naaangkop na pag-iingat para gawing ligtas ang lugar ng trabaho.

Laging magtrabaho sa loob ng dalawang metro mula sa hindi protektadong gilid na nangangailangan ng ganap na paggamit ng sistemang pangkaligtasan. Ang mga halimbawa ay mga guardrail na sistema, pangkaligtasan na net system, babalang linya na sistema, pangkaligtasang sistema ng pagmomonitor, o personal na fall arrest na sistema. Dapat laging nasa sa lugar ang isa o higit pang pamprotektang sistema kapag lantad ang mga empleyado na bumagsak sa dalawang metro o higit pa.

4.2 Mga istrukturang antenna support

Ang lahat ng istrukturang antenna support ay napapailalim sa kondisyon na pag-iinspeksyon alinsunod sa ispesipikasyon ng nagmanupaktura.

Tungkulin ng climber na kumpirmahin na mayroong bago, ligtas itong akyat na sertipiko bago umakyat at tiyaking na naisagawa ang pre-climb na pag-inspeksyon.



Dapat patuloy na pagtuonan nang maigi ng mga climber ang kondisyon ng istruktura at ihinto ang pag-akyat kung mayroong anumang dahilan na alalahanin.

4.3 Mga drop zone

Ang “drop zone” ay pinakahulugan na bahagi ng base ng istruktura na tinukoy kung saan maaaring bumagsak ang mga item at posibleng makapagdulot ng pinsala. Dapat namarkahan nang malinaw ang lugar na ito gamit ang naaangkop na pansamantalang pangharang, mga cone o tali at may sapat na nababasang signage para protektahan ang mga taong nasa ibaba. Ang mga taong may kamalayan lang sa panganib, na awtorisasdo at may suot ng mga pangkaligtasang helmet ang papahintulutan sa Drop Zone.

Karaniwang Drop Zone ang katabing property na nasa loob ng lugar, at dapat mayroong liaison sa katabi bago ang pag-akyat.

Dapat maglagay ng naaangkop na mga hadlang sa entrada hanggang sa Drop Zone tulad ng iniaatas ng lokal na pagtatasa sa panganib.

Nalalapat ang mga sumusunod na kinakailangan sa pag-akyat at pagtatrabaho sa mataas na bahagi:

- Para mabawasan ang panganib na malaglag ang mga tool at kagamitan, dapat itong ikabit sa harness ng climber o sa istruktura (aprubadong anchor point) kung saan posible, o ligtas na ilagay sa loob ng saradong bag.
- Kung hindi maaaring ikabit ang maliliit na item tulad ng mga nut at bolt, dapat gumamit ng ibang alternatibong paraan para sa maiwasan na mahulog ang mga ito. Halimbawa, maaaring gumamit ng pinong mga mesh net o bag na maikakabit sa ibaba ng lugar ng trabaho para saluhin ang mga nahuhulog na bagay. Maaaring gamitin ang Drop zone para paliitin ang panganib ng pinsala kung ang lahat ng alternatibo ay naisasaalang-alang at napili, at kung ligtas itong gawin.
- Kung kinakailangan, dapat iakyat o ibaba ang mga materyales mula sa itaas. Sa lahat ng pangyayari, hindi puwedeng ibato ang anumang bagay.
- Kapag gumagamit ng Mobile Elevated Work Platform, dapat manatili ang mga climber sa loob ng basket at habang gumagalaw sa at mula sa posisyon ng trabaho.
- Kapag ginagamit ang Mobile Elevated Work Platform bilang paraan ng access papunta sa rooftop, dapat lang lumabas sa basket ang mga climber sa sandaling nakapirmi at ligtas na itong “nakarating” sa rooftop na nasa ligtas na posisyon.



4.4 Matitinding kondisyon ng panahon

Kapag nagkaroon ang matitinding kondisyon ng panahon, dapat tasahin ng mga mangagagawa na aakyat kung ligtas itong gawin. Nalalapat ito lalo na sa mga sumusunod na kondisyon ng panahon:

- Tornado o Hurricane
- Sobrang tinding mainit na temperatura
- May yelo o niyebe sa istruktura
- Mga pagkidlat sa paligid
- Malakas na pag-ulan
- Sleet, niyebe, o yelo
- Malakas na o bugso ng hangin
- Hindi maaninag nang dahil fog

4.5 Mga pagkidlat na kondisyon

Ginagawang hindi ligtas ng mahinang ilaw ang pagtatrabaho. Dapat isaad ng lokal na pag-aseso sa panganib ang mga kondisyon kung saan hindi dapat simulan o pahintulutan magpatuloy ang pagtatrabaho. Ang mga gayong kondisyon ay, hindi limitado sa:

- mga lugar ng trabaho ngunit hindi maa-access sa pamamagitan ng protektadong ruta (hal., panloob na hagdan, caged ladder na may fall arrest na sistema),
- mga lugar na walang protektadong mga gilid,
- kung saan hindi sapat ang permanenteng ilaw na inilagay sa mga roof, at hindi available ang sapat na personal/portable na ilaw para sa mga gawain sa mga istruktura at kagamitan, at
- lumabo ang mga ilaw sa antas na hindi ligts na ipagpatuloy ang trabaho sa kasalukuyang anyo nito.

Sa gayong mga sitwasyon, kinakailangan ang ilaw para gawin nang ligts ang trabaho. Kasama rito ang mga head torch para sa mga climber at mga arc lamp sa ground at/o istruktura sa naaangkop na lugar na paglalagyan para maiwasan ang glare at mga effect ng shadowing.

Walang pag-aangat/pagbaba na gawain ang maaaring gawin sa mga oras ng madilim maliban kung natupad at sinang-ayunan ang "Pagtatasa sa Panganib at Pagaplano".



4.6 Mga partikular na pagsasaayos kapag may emergency

Kung nawalan ng malay ang climber at walang rescue, dapat gawin ng kasamang climber, kung posible at ligtas itong gawin, iayos ang posisyon ng walang malay na climber. Ang pag-aayos na ito ay magpapatuloy maya't maya hanggang sa dumating ang tulong para maiwasan ang malubhang panganib ng kamatayan mula sa venous pooling.

4.7 Kagamitan ng planta

Dapat makatupad ang lahat ng kagamitan ng planta na gagamitin para sa mga layunin ng Pagtatrabaho sa Matataas na Bahagi o Pag-aangat/Pagbababa na gawain sa mga kinakailangan na lokal na batas at mga pamantayan para sa kaligtasan ng mga nagpapatakbo at miyembro ng publiko.

Kasama rito ang mga probisyon para sa sertipikasyon ng operator, paunang inspeksyon, at paggamit na kinakailangan ng kagamitan ng planta.

5 Personal na Pamprotektang Kagamitan

Dapat iisyu sa lahat ng climber ang mga sumusunod na PPE na nakatutupad sa Pamantayan ng Personal na Pamprotektang Kagamitan:

Mga Pangkaligtasang Harness: Dapat suotin ang naaangkop na full body harness sa lahat ng pagtatrabaho sa matataas na bahagi kasama ng lanyard na may shock absorber.

Mga Bota: Dapat sakto at komportable ang anumang bota para sa pag-akyat, may matibay na suwelas, may pamprotekta sa mga daliri sa paa at angkop na taas.

Mga Guwantes: Dapat sapat na matibay at komportable ang mga guwantes at hindi nakakahadlang sa paggalaw.

Foul weather na kasuotan: Dapat gamitin ang foul weather na kasuotan, kung kinakailangan. Dapat sapat na matibay at komportable at waterproof ang gayong kasuotan.

Ang kasuotan ay hindi dapat:

- nakakahadlang sa paggalaw kapag suot,
- maluwag bilang "layag" sa mahangin na kondisyon,
- mayroong maluwag na mga toggle, strap, buckle, o iba pang bahagi na maaaring mahagip, at
- makakompormiso sa anumang iba pang item ng PPE na kasama nito.



Pamprotekta sa ulo: Dapat aprubado ng pandaigdigang pamantayan na may chinstrap ang pamprotekta sa ulo, pati na ang mga "helmet" ng climber, at dapat piliin depende sa kapaligiran na paggagamitan.

Dapat suriin ang PPE nang tulad ng mga sumusunod:

- Bago ang unang paggamit: Pormal na dokumento ng pag-inspeksyon na binigay ng nagmanupaktura.
- Bago ang unang paggamit: Iinspeksyunin ng Climber.
- Kahit kada 12 buwan man lang: Lubos na susuriin ng isang taong may kakayahan. (Hindi kasama ang mga pangkaligtasang sapatos /mga bota at hard hat).

6 **Kahusayan ng kalusugan at pagtugon**

Kung saan pinahihintulutan ng lokal na batas, napapailalim ang mga climber sa medikal na pagsusuri sa kalusugan kada dalawang taon para matiyak na walang aspeto ng kanyang kalusugan ang may banta ng pasasapanganib sa sarili o sa iba pa nang dahil sa pagtatrabaho niya sa mataas na bahagi.

Dapat suspendihin ang mga climber na hindi pumasa bilang "maaring umakyat" matapos ang medikal na pagsusuri sa kalusugan o nakakaranas ng pansamantalng kondisyon o pinsala na nakakaapekto sa kanyang kakayahang umakyat sa lahat ng aktibidad na may pag-akyat.

7 **Pagtatasa sa panganib at pagpapalano**

Para maisagawa nang maayos ang pag-kayat at/o pagtatrabaho sa aktibidad na may pag-akyat, dapat isagawa ang lokal na pagtatasa sa panganib bago simulan ang anumang trabaho.

Dapat magtalaga ng Climb Leader upang mamahala. Kasama sa partikular na mga pagtatasa sa panganib ang, ngunit hindi limita sa mga sumusunod:

- kalikasan ng mga gawain/aktibidad,
- layout ng lugar ng trabaho (hindi kasama ang mga ruta palabas sa mga emergency, hal., sunog),
- access papunta sa at paglabas mula sa lugar na inakyat,
- mga drop zone,
- panahon,
- pagtatrabaho sa gabi,



- overhear na mga linya ng kuryente,
- pag-aangat at pagbaba na operasyon, at
- mga lokal na kondisyon.

Ginagamit ang karaniwang mga pagtatasa sa panganib upang malaman ang maaasahang mga panganib at magsagawa ng naaangkop na mga hakbang upang mapangasiwaan ang panganib. Bukod pa rito, dapat isagawa ang partikular na lokal na mga pagtatasa sa panganib para sa lahat ng pagtrabaho na may pag-akyat, pagtatrabaho sa mataas na bahagi, at mga pag-aangat na aktibidad.

Bago pumasok sa site, dapat suriin ang anumang available na rekord para sa nakalistang paunang umiiral na mga panganib.

Dapat idokumento ang mga lokal na pagtatasa sa panganib.

8 **Pagmomonitor at pagsusuri**

Imomonitor ang pagtupad sa pamantayang ito sa pamamagitan ng pagsusuri at pagtatago ng mga rekord ng:

- Mga istadistika ng pangyayari,
- naisyu na PPE at mga pag-inspeksyon,
- kagamitan ng planta,
- mga sertipiko na "Maaaring Umakyat", at
- mga rekord ng pagsasanay kasama ang mga sertipiko ng pag-akyat.

9 **Pagbabago ng impormasyon**

- 1 Karagdagang seksyon ng tungkulin
- 2 Mga update sa seksyong 4.1 Mga gusali at rooftop